# RABOS

## MGA KWENTO NG PAGKAKAISA AT PAGBANGON

**ISPESYAL NA ISYU NG SILYAB | AGOSTO 2021**

# GRUPONG TULUNGAN:
## Larawan ng makauring pagkakaisa

Likas ang pagtutulungan sa mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan. Sa isang lipunang sakmal ng walang patlang na krisis, laganap ang kagutuman at kahirapan, sadyang wala silang ibang masasandigan kundi ang kanilang kapwa. Dahil sa pagtutulungan ay kinakaya, at kakayanin, nilang harapin ang anumang hamon ng buhay.

Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, nabibigyang-direksyon ang pagtutulungang ito at naitataas sa antas ng makauring paglaban ng mamamayan upang itayo ang isang lipunang tunay na magsisilbi sa kanila at sa mga susunod pang henerasyon. Bahagi ng paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan ang pagpapalalim sa pag-unawa at pagpapasigla ng pagtangkilik ng masa sa konsepto ng kolektibong pagkilos. Umiiral ito sa lahat ng aspeto ng gawain ng mga rebolusyonaryo - mula sa pamumuno hanggang sa pagtupad sa mga prinsipyo at paninindigan ng demokratikong rebolusyong bayan.

Hindi na mabilang ang mga kwento ng tagumpay ng masa at rebolusyonaryong kilusang hatid ng kanilang makauring pagtutulungan at pagkakaisa. Ngayong nasa gitna ang bansa ng tila walang katapusang kadilimang dulot ng mga sakuna, ng pandemya, ng terorismo ng estado at ng pagsasamantala ng naghaharing-uri, hindi matatawarang inspirasyon at pag-asa ang hatid ng iba't ibang salaysay ng pagtutulungan at paglaban ng masa. Patunay itong sa kolektibong pagharap ng sambayanan anupa't tiyak na makakamtan ang ganap na tagumpay.

## Grupong Tulungan sa Pagsasaka: Karanasan ng Baryo Mabunga

Pangunahing linalaman ng demokratikong rebolusyong bayan ang pagkamit sa burges-demokratikong hangaring magkaroon ng lupang malilinang ang mga magsasaka at ang pagpawi sa iba't ibang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Sa pananagumpay nito at sa tuluyang pagkalusaw ng mga batayan ng pyudalismo sa bansa, makasusulong tungo sa rebolusyong sosyalista ang lipunang Pilipino. Ayon sa Dalawang Taktika ng Sosyal Demokrasya sa Demokratikong Rebolusyon ni Kasamang Lenin, kinakailangang kamtin ng proletaryado ang mga hangarin ng rebolusyong burges-demokratiko bago nito maisakatuparan ang mga tungkulin ng rebolusyong sosyalista.

Sa lampas limang dekadang pamumuno ng PKP sa rebolusyong Pilipino, itinataguyod ang naturang hangarin sa pamamagitan ng pagpapatupad ng komprehensibong programa sa reporma sa lupa. Ang programa sa lupang ito ay may minimum na layuning ibaba nang husto ang upa sa





lupa at pawiin ang usura, at may maksimum na layuning ipamahagi nang libre ang lupa sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa. Palagiang layunin din ng programa sa lupa ng Partido na mapahusay ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawang bukid sa mga asyenda at plantasyon. Higit sa lahat, maipunla at mapayabong sa kamulatan ng mamamayan ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos at ibunsod ang kooperasyon sa produksyon sa hanay ng masang magsasaka.

Nakaugat ang pyudalismo sa kalat-kalat at indibidwal na moda ng produksyon na siyang nagdulot ng matinding kahirapan sa mga magsasaka. Upang mawakasan ito, itinataguyod ang kolektibong pagsasaka bilang armas laban sa tanikala ng pyudalismong sumasakmal sa hanay ng magsasaka. Sa Bikol, ilinulunsad ang iba't ibang porma at antas ng kolektibong pagsasaka gaya ng mga luyu-luyo at suyuan, grupong tulungan (grutol), komunal na taniman at mga kooperatiba.

Ang Baryo Mabunga ay isa sa lugar sa rehiyon kung saan relatibong maunlad ang praktika ng kolektibong pagsasaka. Dahil sa kanilang mga grutol, masigla ang kanilang ani at produktibo ang mayorya ng kanilang lupain sa lugar. Sa kabila ng pandemyang Covid-19 at militarisasyon sa kanilang lugar, isa ang baryo sa nakapagpatuloy sa kanilang grutol sa pagsasaka. Nakatulong ang kanilang ani mula sa grutol para sa pangkonsumo ng kanilang komunidad, pang-ayuda sa mga karatig-baryo at sa kanilang Pulang Hukbo. Ngunit hindi naging madali ang kanilang pagpupundar. Mahabang panahon din ang kanilang ipinuhunan upang makamit ang gayong pag-unlad.

*"Kang primerong beses na mag-abot igdi samuya an mga pag-iriba, an ama ko an kaenot-enoti na naugnayan ninda. Sa pakarumdom ko, siya an naging timlider kaidto kan mga paraoma sa samuyang lugar,"* pag-alala ni Ka Salome, kasapi ng Komiteng Pang-organisa (KP) ng mga magsasaka sa Baryo Mabunga.

*"Sisay an presidente kaidto? Duru-daragita pa ako kaidto kaya si Marcos ito. Martial Law."*

*"Pirang panahon kang inimbitaran na man ako duman sa pag-aadal kan mga paraoma. Iniba ako kan amigo ko paduman sa mga pag-iriba. Makangisihon ta grabe an kulba ko kaidto. Iyo an primerong pakaheling ko ning NPA,"* nakangiting pagbabahagi niya. Mula sa unang pagtatagpong iyon ng Pulang Hukbo at ng mga taga-Baryo Mabunga higit apat na dekada na ang

nakaraan, naging makulay ang pakikibaka ng mga taumbaryo laban sa kagutuman, kahirapan, pang-aapi at pagsasamantala.

*"Ay sabi na, grabe an inagihan mi poon kaidto! Uru-utrong bagyo, militar, tapos kan nakakabawi-bawi na - agihan na naman kami kaiyan nin bagyo! Tapos sakyada na naman kan mga hambog na militar na 'yan - SOT, PDT, ngonian CSP naman daa! Parehas man sana an gibo ninda. Pigpaparakua su mga gamit mi, pigpaparasurulo an mga koprasan, pigpaparabugbog an tawo - ay grabe talaga an perwisyo! Daog pa an bagyo, sabi ko sa imo. Saka ta egwa pang kun anu-anong paprograma an gubyerno - pigparapatanom kami nin golden rice, nin hybrid daa na mais, gulay - kun anu-ano na sana ito! Grabeng kemikal an kaipohan bakalon para daa sa mga tanom! Mala baga, pira-pira, raot na si daga - dai mi na mapakinabangan. Halos mayo nang nag-asenso sa mga pananom mi."*

*"Alagad, an kagayonan ta sa gabos na inagihan ming kadipisilan, yaon man pirme an pagtabang kan mga pag-iriba. Pirang beses mang nawara si mga organisasyong masa mi igdi! Halos mayo na pati an mga kasapi kan SPL [Sangay ng Partido sa Lokalidad] - an iba nagkagaradan na, an iba nagpa-Maynila. Ngonian, binibilog mi man giraray. Pigkakaulay su mga dati nang kasapi asin nirerekluta su mga kwalipikado naman. An mga pag-iriba, kasabay-sabay mi 'yan pirme - mayong kapagalan. Sa mga pag-aadal, pigpaparaduunan talaga ninda an importansya daa kan pagtarabangan. Dapat daa maski harayo sinda, ipadagos mi su mga pinuonan mi na programa. Kan primero, syempre, dai pa man kami itong sabi bagang ginaganahan ta aram mo naman baga kita,"* natatawang kwento ni Ka Salome sa mga kahirapang pinagdaanan nila sa pagpapagana ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa baryo at sa pagtitiyak na tuluy-tuloy ang pagpapatupad ng mga programa't plano nila.

*"Nakapirang subok naman kami kaiyan. Kaidto, nagsubok kami magluyu-luyo. Nagkaproblema sana kan nagkaimonan na an mga tawo sa kwentahan nin natrabaho.*





> **Ay, alagad an tawo dai na mapauntok. Alangan man magadan kami sa gutom. Padagos sa rabosan!**

*Inayos ito kan mga kasama asin kan subkomite sa arbitrasyon mi igdi sa baryo. Edi, probar na naman nin panibago! Pigtanoman mi kan palay itong nakatiwangwang na daga. An problema, napornada na naman ta sinakyada ngane kan kaiwal. Alagad kan nabaretaan mi na naglalakop na iyan na Covid-19 na 'yan, sabi mi, payt! Payt sana ta kun dai kami mag-rabos sa pagtanom, ara-atsan kaiyan mayo na kaming pampapa. Sakto man ta, iyo na ngane, nag-lockdown na. Tapos an mga hamag na militar, nag-abot na naman. Ay, alagad an tawo dai na mapauntok. Alangan man magadan kami sa gutom. Padagos sa rabosan,"* dagdag pa niya.

Upang magsilbing gabay sa kanilang pagsulong, binalik-aralan ng mga magsasaka ang kasaysayan ng mga luyu-luyo at grutol nila noon. Linagom nila ang mga kahinaan at kalakasan ng kanilang karanasan. Ilan sa mga tampok na puntong lumitaw ay ang kalituhan sa tungkulin ng mga kasapi ng grutol at paano ang hatian sa gawain at ani. Napatingkad ding ang rason kung bakit naging malaking usapin sa pagitan ng mga magkakababaryo ang hatian sa gawain at ani. Ito ay dahil hindi naisabay sa pang-ekonomyang aspeto ng mga lumang grutol ang pampulitikang konsolidasyon at organisasyunal na pag-unlad ng mga kasapi.

Tinugunan nila ang mga kahinaang ito sa kanilang bagong plano. Una nilang ilinatag ang plano sa edukasyon at konsolidasyon. Pangangasiwaan ng subkomite sa edukasyon ng kanilang KP ang mga pag-aaral para sa mga kasapi ng mga grutol. Ang pinakamahalagang tungkulin ng lahat ng kasapi ng isang grutol ay ang pag-aambag ng lakas-paggawa. Napagkaisahan nilang magtala ng *workpoints* na itinakda batay sa oras ng paggawa, gaano kasimple o kahirap ang isang gawain at iba pa. Napagkasunduan din nilang maglagay ng mga tim lider at mga katuwang na upisyal sa bawat grutol para sa sistematikong pagpapagana ng mga ito.

Samantala, ang hatian sa ani ay ibinatay sa *work points* at may kunsiderasyon sa pangangailangan ng komunidad. Pinagkaisahan din nilang maglaan ng ilang bahagi ng ani para sa Pulang Hukbo at mga karatig-baryong maaaring nangangailangan

ng tulong. Upang matiyak na magtutuluy-tuloy ang kanilang mga grutol, pinagkaisahan din nilang magkaroon ng regular na pagtatasa at pana-panahong paglalagom ng karanasan.

Mula Marso 2020, nakapagsimula ng tatlong bagong grupong tulungan ang mga residente ng Baryo Mabunga. Ang isa sa mga ito ay linahukan at pinagagana ng mga kababaihan habang ang isa naman ay binubuo ng mga kabataan. Ang huli, na siyang pinakamalaki sa tatlo, ay linahukan ng iba pang mga magsasakang hindi pa nakasali sa mga dati nang nabuong grutol.

Sinubok agad ng mga sakuna ang mga bagong buong grutol ng Baryo Mabunga. Ngunit kahit nasira ang kanilang mga pananim matapos ang sunud-sunod na bagyong sumalanta sa Bikol sa huling bahagi ng 2020, pinanghawakan nila ang lakas at kakayahan ng kanilang nagkakaisa at organisadong hanay. Mabilis silang nagplano kung paano magsisimulang muli at babangon mula sa pansamantalang suliranin.

*"Ako talaga, puon kaidto pa ha, kan primerong mag-abot an mga kasama sa lugar mi, saro an nanuodan ko sainda - padagos sana. Maski anong kapagalan, padagos. 'Pag nadapa, magtindog ta magpadagos. Sa huri, kun gabos kamo nagkakasararo at pinapakusog an buot kan lambang saro, mayong makapupugol sa indo. Ngonian, grutol an pigpapagana ta. Sarong aldaw, mapagmata kita, sadireng gubyerno ta na an kaipohan ta paganahon,"* sambit ni Ka Salome habang kumikislap ang mata sa pag-asang makakamit ng Baryo Mabunga at ng lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan ang isang malaya, makatarungan at mapayapang lipunan sa hinaharap.

**"Ngonian, grutol an pigpapagana ta. Sarong aldaw, mapagmata kita, sadireng gubyerno ta na an kaipohan ta paganahon.**

# Grupong Tulungan sa Pagharap at Pagbangon mula sa Sakuna at Natural na Kalamidad: Karanasan ng Platun 33

Nitong nakaraang taon, sunud-sunod na lindol, pagsabog ng mga bulkan at serye ng mga superbagyo ang nanalasa at nag-iwan ng bilyun-bilyong danyos sa bansa. Gaya ng dati, wala na namang ginawa ang reaksyunaryong gubyerno upang paghandaan at harapin ang naturang mga kalamidad. Dulot nito, milyun-milyong Pilipino na naman ang naiwang wasak ang kabuhayan at mga komunidad. Muli, pinasan ng pinakamahihirap na sektor ng magsasaka, pambansang minorya, manggagawa at mga maralitang lunsod ang pinakamabigat na epekto ng mga sakuna.

Ngunit hindi lamang ang kriminal na kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno ang dahilan kung bakit labis-labis ang pinsalang naidulot ng mga naturan. Ang neoliberalismo at ang mahabang panahon ng paglustay at pandarambong ng lokal at dayuhang naghaharing uri sa likas na yaman at lakas-paggawa ng bansa ang pangunahing dahilan ng bulnerabilidad ng Pilipinas sa mga sakuna at natural na kalamidad. Ang kanilang kasakiman ang nagdulot ng pagkawasak ng kalikasan at ng atrasadong pambansang ekonomya.

Ang pagkakalbo ng mga kabundukan at pagkasira ng mga ilog at karagatan dahil sa mga dambuhalang minahan at konsesyon sa pagtotroso ang nagdadala ng malalaking pagbaha, malalawakang pagguho ng lupa at pagkawasak ng mga komunidad sa tuwing mayroong tumatamang natural na kalamidad sa bansa.

Samantala, ang walang kapantay na pagsasamantala ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa mamamayan ang labis na nagpahina sa kakayahan ng masang anakpawis na bumangon mula sa mga kalamidad. Dahil isang-kahig, isang-tuka ang kinasanayang buhay ng masa, lubhang mahirap para sa kanilang makabawi mula sa pinsalang dala ng mga sakuna. Higit pa rito, daan-daang milyon sa kanila ang pialalayas sa kanilang mga komunidad at sapilitang ipinasusuko ang mga lupang ninuno.

Sang-ayon sa programa ng demokratikong rebolusyong bayan, mahalaga ang pambansang industriyalisasyon upang masolusyunan ang bulnerabilidad ng bansa sa mga natural na kalamidad. Sa pamamagitan nito, makaaalpas ang Pilipinas mula sa kapit

ng mga mapangwasak at mapang-abusong negosyo ng iilang mga kapitalista. Ang pagpapaunlad ng mga makabago at angkop na industriya ay tumitiyak na natutugunan ang pangangailangan ng mamamayan at napasisigla ang pambansang ekonomya habang isinasaalang-alang ang kalagayan ng kalikasan. Idudulot ng pambansang industriyalisasyon ang rehabilitasyon ng mga likas na yaman ng bansa at ang sustenableng kapaligirang pakikinabangan ng mamamayan sa higit na mahabang panahon. Magbubunga rin ito ng katiyakan sa trabaho at seguridad sa pagkain para sa masang anakpawis na magsisilbing pananggalang nila sa panahon ng mga kalamidad at sakuna.

Kaugnay nito, bahagi ng mga hakbangin ng rebolusyonaryong kilusan ang pagpapalalim sa pag-unawa ng masa sa pangangailangang alagaan ang kalikasan at ang papel ng pambansang industriyalisasyon dito gayundin ang mga sanhi at epekto ng mga sakunang pinalalala neoliberalismo at imperyalismo. Ikinikintal sa isipan ng mamamayan ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos upang pangalagaan ang kalikasan at mapataas ang kahandaan at kakayahan ng masang harapin ang mga sakuna at natural na kalamidad.

Sa Bikol, matapos ang magkakasunod na bagyong Quinta, Rolly at Ulysses noong 2020, kagyat na naglabas ang Partido ng patnubay sa pagkilos ng mga sangay ng Partido, yunit ng BHB at rebolusyonaryong organisasyong masa kaugnay ng maagap na pagtulong at rehabilitasyon. Isa ang Platun 33 sa mga yunit ng BHB sa mga aktibong tumugon sa naturang patnubay at panawagan ng PKP-Bikol.

**Ikinikintal sa isipan ng mamamayan ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos upang pangalagaan ang kalikasan at mapataas ang kahandaan at kakayahan ng masang harapin ang mga sakuna at natural na kalamidad.**

*"Ang una naming ginawa pagkatanggap ng memo ay ang pag-aralan ang linalaman nito. Pagkatapos, nagpulong agad ang komiteng seksyon ng aming platun para sa plano ng mga kagyat naming tungkulin,"* paglalahad ni Ka Alicia, kumander ng Platun 33.

*"Napagkaisahan naming tipunin ang mga Partidista sa klaster ng baryong saklaw namin. Sa lawak at tindi ng pinsala ng mga bagyo, laluna 'yung Rolly, kailangan talagang maging kilusang masa ang pagharap dito. Dapat maging malaganap at sistematiko ang pagtutulungan, pagkalap ng suporta at paniningil sa reaksyunaryong gubyerno."*

*"Laluna, nabalitaan namin mula sa isang myembro ng grupo ng kabataang dumalo sa pulong na nauso nga raw ang #NasaanAngPangulo kasi walang ginagawa 'yang si Duterte para tulungan ang masa. Wala talagang aasahan ang masa kundi ang sarili nila,"* napapailing na kwento ni Ka Alicia.

Matapos ang pulong ng lokalidad, napagkaisahan nilang kagyat na itulak ang pagbubuo ng mga grupong tulungan para sa pagharap at pagbangon mula sa sakuna at natural na kalamidad. Gaya ng oryentasyon ng mga grutol sa produksyon, boluntaryo rin ang pagsapi para sa mga bubuuhing grutol laban sa sakuna.

Sa mga baryong mayroon nang mga gumaganang grutol sa produksyon, hihikayatin ang mga itong idagdag sa kanilang programa ang mga hakbangin kaugnay ng pinsala ng mga sakuna sa komunidad gaya ng operasyong relief, pagtulong sa pagtatayo ng mga bahay at taniman at mga kampanyang edukasyon.

*"Ang pagkakaiba ng mga grutol natin kaysa sa mga humanitarian missions, hindi matatapos ang programa ng grutol paglipas ng mga bagyo. Tuluy-tuloy na ang magiging plano nila upang itaas ang kamulatan at kahandaan ng masa sa mga susunod pang pagkakataon. Kaya, isa sa mga pangunahing tinuunan ng pansin ay ang kampanyang edukasyon. Dagdag 'yan, syempre, sa mga relief operations at gawaing rehabilitasyon ng masa at kasama. Madali naman nang pangasiwaan ang relief operations kasi dati nang ginagawa ng mga grutol natin para sa mga apektado ng Covid-19,"* pagpapalalim ni Ka Alicia. Ilan sa mga dokumentong pinaplano nilang pag-aralan ay ang mga sangguniang dokumento sa paksang Gawaing Pang-ekonomya at Reporma sa Lupa ng Intermedyang Kurso ng Partido at ang borador ng NDFP sa *Comprehensive Agreement on Socioeconomic Reforms (CASER)* partikular na ang seksyon ukol sa *Agrarian Reform and Rural Induztrialization (ARRI)*, mga prinsipyo at patakaran sa pangangalaga sa kalikasan at pag-unlad ng ekonomya at iba pa.

**Hindi sapat na may kakayahan kang bumangon pagkatapos ng kalamidad. Napakahalagang bago pa man maganap ang mga sakuna, nakahanda na ang komunidad para hindi mapuruhan ang buhay at kabuhayan ng mga residente.**

*"Dapat maipaunawa natin sa masang hindi sapat na may kakayahan kang bumangon pagkatapos ng kalamidad. Napakahalagang bago pa man maganap ang mga sakuna, nakahanda na ang komunidad para hindi mapuruhan ang buhay at kabuhayan ng mga residente,"* dagdag ni Ka Alicia. Dahil dito, linalayon nilang maisabay sa plano ng mga grutol laban sa sakuna ang sustenidong programa sa pagtatanim, paglilinis ng kapaligiran, pagbabawal sa iligal na pagtotroso at regulasyon naman para sa mga nangangailangang pumutol ng kahoy. Itinutulak din nila ang pagtatanim ng mga gulay at iba pang madaling anihin habang hinihintay pang makabawi ang mga niyog ng masa. Gayundin, binabalak nilang hikayatin ang masang sumubok ng iba pang mga karagdagang hanapbuhay gaya ng paggawa ng handicraft at iba pa.

*"Pagkatapos noong mga bagyo, talagang nakapanlulumo. Grabe ang destroso, eh. Pero nang nakita namin ang kislap ng mga mata ng masa at ang pag-asang pinanghahawakan nila - nakakabuhay ng dugo! Payt,"* madiing pagtatapos ni Ka Alicia.

PAGTALAKAY SA AKLAT NA:

# NINTH HEAVEN TO NINTH HELL

Ang librong Ninth Heaven to Ninth Hell ay kwento ng pambihirang karanasan nang pag-unlad ng isang komunidad - ang Dazhai. Maliit lamang itong lugar at maituturing pa ngang isang tuldok lamang sa mapa ng Tsina. Ngunit hindi ito naging hadlang upang kilalanin ni Kasamang Mao Zedong bilang modelo ng sosyalistang agrikultura at itampok ito bilang isang huwaran para sa buong Tsina.

Dala ang kanilang sosyalistang diwa nang pagsalig sa sariling lakas at pagsisikap, pagpapauna sa interes ng publiko at nakararami at ang pagsalig sa maralita at nakababababang panggitnang magsasaka habang isinasantabi ang pansariling interes, ay umunlad ang produksyon ng Dazhai mula sa wala tungo sa higit na maunlad na antas. Kinikilala rin ng aklat ang dakilang ambag ni Chen Yonggui. Siya ay isang maralitang magsasakang pinamunuan nang buong giting at husay ang pagsulong ng Dazhai.

Pinamagatan itong Ninth Heaven to Ninth Hell dahil tinatalakay din ng libro kung paano minaliit at pilit ibinaon sa limot ng mga rebisyunistang nakapangibabaw sa pamunuan ng Tsina ang mga tagumpay ng mamamayan ng Dazhai. Ang aklat na ito ay isinulat at sikretong ilinimbag upang manataling buhay ang legasiya ng Dazhai at ng mga mamamayan nito.

## SA AGRIKULTURA MATUTO SA DAZHAI!

Ang pagwawagi ng mamamayang Tsino mula sa mahabang panahong digma laban sa mga kolonyalistang mananakop na Hapon at sa reaksyunaryong Koumintang na sinuportahan ng imperyalistang US noong Oktubre 1949 ay nagdala sa kanila sa panibagong yugto ng kanilang kinakathang kasaysayan - ang sosyalistang konstruksyon.

Sa panahong ito, nagsikap at nagpunyagi ang mamamayang Tsinong bumangon matapos ang pinsala ng gera. Sinimulan ni Mao Zedong ang programa para sa pagbuhay muli ng ekonomya ng bansa. Dahil sa malakas na pagnanais na mabago

ang kanilang buhay, sinikap ng mamamayang Tsinong pangibabawan ang kanilang abang kalagayan at itindig ang kabuhayan ng kanilang mga komunidad. Isa sa mga komunidad na ito ang Dazhai.

Matatagpuan ang Dazhai sa prubinsya ng Shanxi sa bandang hilagang silangan ng Tsina. Ang kalupaan nito ay mabundok. Kaunti ang patag na bahagi kaya limitado ang natatamnan ng mga magsasaka. Mahina rin ang klase ng lupa kaya kailangan itong linangin at patabain muna para mataniman ng palay. Ito ay yaong tipong mabato at karaniwang kulay dilaw na kung tawagin ay *'loess'.*

Madalas ding makaranas ng pagbaha at tagtuyot ang lugar. Kalaunan, nagkaroon ng malalalim na bitak ang mga bundok dahil sa baha. Kahit ang mga payaw ng mga magsasaka ay hindi nagtatagal dahil tinatangay ng tubig-baha.

Dahil sa ganitong kalagayan, labis-labis ang kahirapan ng mamamayan ng Dazhai. Sa katunayan, bago nila naitayo ang mga tim sa produksyon sa komunidad ay karaniwang ibinebenta ng mga magulang ang kanilang mga anak para lang mabuhay.

Nang manawagan sina Mao ng pagbubuo ng mga grupong tulungan *(mutual aid groups)* ay agad na tumugon ang komite ng Partidong nakasasaklaw sa Dazhai. Noong una ay may dalawang grupong tulungang binuo rito. Ang una ay ang Stalwarts. Kinabibilangan ito ng malalakas na kalalakihan at pinamumunuan ni Jia Jincai. Ang ikalawa naman ay ang Feeble. Binubuo naman ito ng matatanda at at mga bata. Ang lider naman nila ay si Chen Yonggui.

Ayon sa kwento, nalampasan pa ng pagsulong sa produksyon ng grupong Feeble ang grupong Stalwarts kahit na limitado ang pisikal na kakayahan ng grupong tulungang ito. Ito ay dahil sa mahusay na modelo ng kasipagan si Chen. Kahit na mahina sa pisikal na aspeto ang mga kasama niya, nahikayat niya ang mga ito na magtrabaho ayon sa kanilang kakayanan. Ang bawat maliit na ambag ng lakas-paggawa ay tinipon nila upang maging isang malakas na pwersa sa produksyon. Wala silang ibang sinaligan kundi ang bawat isa at ang kanilang lider na si Chen Yonggui.

Hindi nagtagal, pinagsanib na ang Feeble at Stalwart upang buuhin ang kooperatiba ng Dazhai. Isa sa kanilang mga napagkaisahan ang sistematikong paglalaanan ng kanilang kolektibong kita.

Paunti-unti, napalawak ng mga taga-Dazhai ang lupang kanilang tinataniman at unti-unti rin nilang napalaki ang kanilang produksyon.




Wala silang sinayang na oras! Sa mga panahong mahina ang gawaing produksyon, trinabaho din nila ang mga gilid ng bundok para makapagtanim na rin dito. Ngunit, marami rin silang pagsubok na dinaanan.

## ANG ARAL NG PAG-ASA SA SARILI

Apat na taon matapos simulan ng Tsina ang kampanya ng pagbangon sa ekonomya, hindi pa rin nila naabot ang sapat na pangangailangan ng mamamayan. Nagkaroon ng pagkakataong habang marami ang naibebenta ng mga kooperatiba sa estado ay nauubusan naman ng pangkonsumo ang mga magsasaka. Isa sa mga naapektuhan nito ang Dazhai. Upang matulungan ni Chen ang kanyang mga kababaryo ay nangutang siya. Pero tinanggihan niya ang tulong na nais sanang ibigay sa kanya ng lider ng kanilang bayan. Ayon sa kanya, mas kakailanganin ito ng mga lugar kung saan mas malala pa ang kalagayan.

Ipinaunawa niya ito sa kanyang mga kababaryo: na may mga kababayan silang manggagawa at mga sundalong nangangailangan din ng palay para magampanan nila ang kanilang mga tungkulin para sabay-sabay nilang maitaguyod ang sosyalismo sa kanilang bansa. Kung hindi sila magbebenta ng sapat na palay sa estado para ipakain sa mga kababayan nilang ito, hindi nila lubos na makakamit ang kanilang rebolusyonaryong layunin.

Ito ang nagtulak kay Chen na magsagawa ng 10-taong plano para higit pang pagbutihin ang kanilang produksyon. Bahagi nito ang transpormasyon ng mga dating hindi natatanimang gilid ng bundok para maging matabang lupa para sa produksyon at transpormasyon ng mga madalas bahaing bukid upang mapataas ang kakayahan ng lupang sumisipsip ng tubig. Sa ganitong paraan, matitiyak nila ang

“Ipinaunawa niya ito sa kanyang mga kababaryo: na may mga kababayan silang manggagawa at mga sundalong nangangailangan din ng palay para magampanan nila ang kanilang mga tungkulin para sabay-sabay nilang maitaguyod ang sosyalismo sa kanilang bansa.

istable at magandang ani taun-taon kahit na tag-tuyot o matindi ang tag-ulan.

Pinatag nila ang mga gilid ng Den Wolf Ravine at ginawa itong mga payaw noong 1955. Dalawang beses silang nabigo sa kanilang pagtatayo ng dam at paggawa ng mga payaw. Ngunit sa bawat pagbaha at pagkawasak ng kanilang mga ginawa ay walang kapaguran nila itong itatayong muli. Sa pangatlong pagkakataon, nagtagumpay din ang mga taga-Dazhai sa kanilang laban sa pahirap na bundok na tinagurian nilang 'demonyo'. Sa wakas, nakapagbuo sila ng 180 korteng arkong dam na gawa sa bato na hindi basta-basta matatangay ng baha. Gumamit sila ng 130,000 metro kubiko ng kinorteng bato at naitayo ang 1,700 na matitibay na payaw. Inabot ng 27 araw ang pagtrabaho nila sa mga ito.

## PAGLAHOK NG MGA KADRE SA MANWAL NA GAWAIN

Bago pa man lumitaw ang usapin sa sentro tungkol sa kalituhan ng mga work points na napupunta sa mga kadreng hindi naman lumalahok sa manwal na gawain o produksyon, tiniyak na ni Chen na ang mga kadre sa kanilang kooperatiba ay bahagi ng produksyon. Ayon sa kanya, *"ang mga nagiging kadre ay dapat lumahok sa manwal na trabaho. Ang hindi lumahok, hindi karapat-dapat maging kadre. At kung hindi magtrabaho nang maayos, hindi rin maaaring maging kadre."*

Noong 1950s, ipinatupad ni Chen ang **THREE NO RULE** bilang patnubay sa paglahok ng mga kadre sa gawaing manwal.

Mula nang maitayo ang Kooperatiba ng mga Prodyuser ng Agrikultura, nakamit ng mga taga-Dazhai ang Tatlong Matataas *(Three-Highs)* - mataas na produkto, mataas na pangbenta, mataas na pang-imbak at mataas na pangkonsumo. Noong 1957, kaya na nilang magpautang at umayuda sa ibang mga kooperatiba, mamigay ng binhi at magbenta ng dayami.

Ang mga tagumpay na ito ang nagpatanyag sa Dazhai sa loob at labas ng Shanxi. Dahil dito, ilang beses na iginawad kay Chen Yonggui ang *Model Worker Award*. Binisita rin sila ng ilang mga kilalang personahe, upisyal ng bayan at mga lider komunista. Umabot sa yugto na kinilala ang Dazhai bilang modelo para sa agrikultura sa buong Tsina. Pagpasok ng 1960s, naging popular ang panawagang, **"Sa agrikultura, matuto sa Dazhai!"**

Kasabay nito, kinilala naman ang Daqing bilang modelo para sa industriya at si Kasama Lei Feng bilang modelong sundalo ng People's Liberation Army.

## PAGHARAP AT PAGBANGON SA MGA KALAMIDAD AT SAKUNA

Nilampasan din nila ang iba pang krisis dulot ng mga kalamidad tulad ng isang taon ng matinding tagtuyot at malalang tag-ulan noong 1959. Muli silang binayo ng pitong araw at pitong gabi ng matinding pag-ulan noong Setyembre 1963. Winasak nito ang mga kabahayan, sinira ang mga pananim at mga taniman at dam. Ngunit nailigtas ng mga kadre ang kanilang mga kababaryo, naisalba ang mga alagang hayop



at karamihan sa kanilang imbak na palay. Itinuring pa nga ito ni Chen bilang 'masayang okasyon' dahil nakaligtas silang lahat at may pag-asa pang maitayo ang bagong Dazhai.

Sa panahong ito, higit na pinahalagahan ni Chen ang ipinapaabot na suportang moral ng kanilang mga kaibigan kaysa sa dumarating na suportang materyal at pinansyal. Para sa kanya, mas madaling maubos ang huli kaysa sa nauna. Gayundin, ang suportang materyal at pinansyal na ito ay higit na mapakikinabangan ng iba pang komunidad na malala ang kalagayan kaya ipinauyaba niya na lang ito sa kanila.

Dito na rin binuo at pinalaganap ni Chen ang 10 Benepisyo ng Pag-asa sa Sarili *(basahin ang kaugnay na artikulo tungkol dito sa Silyab 2021 Ispesyal na Isyu I: Hinggil sa Bagyo).* Ito ang matingkad na aral na kanilang nakamit. Nais nila itong ibahagi sa iba pang mamamayan upang makatulong sila sa pagkatuto ng mga itong harapin ang anumang krisis.

## ANG NINTH HELL NG DAZHAI

Pinangibabawan din ng mga taga-Dazhai ang dagok na dinala ng Four Clean Work Teams na bahagi ng pagpapatupad ng Kilusan para sa Sosyalistang Edukasyon ni Mao noong 1964. Dahil sa kasikatang nakamit ng Dazhai mula sa pambihirang pag-angat ng kanilang produksyon at pagpapaamo sa Bundok ng Den Wolf at Tigerhead, tinarget sila ng imbestigasyon ng work team. Inusisang maigi kung tama nga ba ang kanilang iniuulat na kantidad ng produksyon. Pinilit din ang mga Partidista na magreklamo at magsampa ng kaso sa mga "tiwaling" kadre.



Bagamat halos mabiyak ng karanasang ito ang puso at katatagan ng mga kadre at mamamayan ng Dazhai, nanaig ang tiwala nila sa Partido sa pangunguna ng kanilang lider na si Chen Yonggui. Sa huli, napatunayang tama na ituring bilang modelo ang Dazhai at dapat tularan ng mga kooperatiba sa buong Tsina.

Ngunit, sa huling bahagi ng pamumuno nina Mao Zedong, ginupo ng rebisyunismo ang sentral na pamunuan. Tinangka nilang siraan at paalisin sina Mao at Zhou Enlai pati na ang mga lider-masang gaya ni Chen Yonggui na matapat na sundalo ng sosyalismo. Nang mamatay sina Premier Zhou at Chairman Mao, mabilis nang napatalsik ng mga rebisyunista si Chen. Ito ang hudyat ng pagtugis at pagkundena sa kanya at sa Dazhai bilang isang pekeng modelo sa agrikultura.

Noong Oktubre 17, 1980, ilinimbag ng Shanxi Daily ang isang artikulong pinamagatang *"Dazhai's Departure from the Spirit of Dazhai".* Pinalalabas ng artikulong itong ang Dazhai ay pinondohan at nakinabang sa kaban ng sentral na gubyerno ng Tsina.

## CHEN YONGGUI: HUWARANG LIDER NG DAZHAI

Ang husay ng mga magsasaka na nahulma sa kasaysayan ng Dazhai sa panahon ng sosyalismo ng Tsina ay hindi magiging lubos kung wala si Chen Yonggui. Sa librong ito, ikinuwento ang kanyang pag-angat mula sa isang maralitang magsasakang hindi marunong magbasa o sumulat tungong isang huwarang magsasaka at lider. Naging lider siya ng kanilang bayan sa panahon ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura hanggang sa naging

isa sa mga *Vice Premier* ng Tsina. Maraming mga lider mula sa ibang bansa ang bumisita sa Dazhai magmula sa Europa, Amerika, Aprika at iba pang bahagi ng Asya. Nakilala nila si Chen at inimbitahan ding bumisita sa kanilang bansa.

Magkakambal ang katanyagan ng Dazhai at ni Chen Yonggui. Sinubok ang kanyang husay sa pamumuno - mula sa pangangasiwa ng isang maliit na grupong tulungan, brigada, komuna, bayan hanggang sa pamumuno sa pambansang antas. Sa buong panahong ito, naging tapat siya sa pagsalig sa uri ng maralita at mababang-panggitnang magsasaka. Nanatili siyang mapagkumbaba. Hindi man nakapagtapos ay nagsikap siyang magbasa at magsulat. Dahil sa kanyang mahigpit na pagyakap sa rebolusyon at mga prinsipyo ng Partido, matalas niyang nasuri ang kalagayan ng lipunan at walang takot na ilinahad ang kanyang paninindigan sinuman ang kanyang kaharap.

Dahil sa matinding atake sa panahong nakapangibabaw na sa pamunuan ang mga rebisyunista, umalis si Chen sa Dazhai at bumalik sa Beijing upang doon na manirahan. Hindi na siya *Vice Premier* ngunit hindi siya inalisan ng pagkilala bilang mataas na kadre. Hinarap ni Chen ang mga puna sa kanya at nagpuna siya sa sarili. Ngunit hanggang sa huling hininga niya, hindi niya maintindihan kung ano ang mali sa kanyang mga ginawa. Inamin niyang hindi siya perpekto, ngunit kailanman ay hindi siya nagsinungaling.

Kalaunan ay hiniling niyang bumalik sa gawaing produksyon kahit may edad na upang maging kapaki-pakinabang siyang muli. Pinatrabaho siya bilang isang konsultant sa isang State Farm. Namatay si Chen Yonggui noong Marso 25, 1986 sa sakit na *lung cancer*. Apat na taon makalipas nito, ilinimbag nina Qin Huailu at William Hinton ang librong Ninth Heaven to Ninth Hell upang mapalaganap ang katotohanan ng Dazhai. Buo ang kanilang pagtitiwala sa husay at tagumpay na ibinunga ng lahat ng pagsisikap nina Chen at ng mamamayan ng Dazhai.

Para sa iba pang mga aklat na magpapalalim sa pag-unawa natin sa kolektibong pagkilos, basahin ang: **FANSHEN, SHENFAN**